Tunay na sila ay nagpapili sa akin: na humingi sila sa akin nang labis-labis o ituring nila akong maramot gayong ako ay hindi nagmamaramot.

Ayon kay `Umar, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: "Namahagi ang Sugo ni Allah ng isang bahagi kaya nagsabi ako: O Sugo ni Allah, talagang ang iba sa mga ito ay higit na karapat-dapat dito kaysa sa kanila? Nagsabi siya: Tunay na sila ay nagpapili sa akin: na humingi sila sa akin nang labis-labis o ituring nila akong maramot gayong ako ay hindi nagmamaramot."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Namahagi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ng dumating sa kanya na yaman sa mga tao at may nilampasan siyang mga iba kaya nagsabi sa kanya si `Umar, malugod si Allah sa kanya: "Hindi mo binigyan itong mga hindi mo binigyan dahil sila ay higit na karapat-dapat kaysa sa mga binigyan? Nagsabi sa kanya ang Propeta: "Tunay na sila ay nagpumilit sa paghingi dahil sa hina ng pananampalataya nila at pinilit nila ako bunsod ng kalagayan nila sa paghingi nang labis-labis o pinaratangan nila ako ng karamutan." Pinili ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na magbigay yamang ang karamutan ay hindi bahagi ng ugali niya gayon din pagpapabola at pagpapaamo.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5807